1

You are crazy! anang boses sa utak ni Monina, habang siya ay naglalakad mula sa terminal ng jeep patungo sa kanyang trabaho. She tried to ignore the voice, but it just would not leave her alone.

Pinunasan niya ang pawis na nangolekta sa gilid ng ulo. Kung nasa Maynila siya, hindi niya kinakailangang mag-commute. Naroon ang lumang kotse na ipinamana ng daddy niya. Pero hindi ito pumayag na dalhin niya ang sasakyan doon.

Paano niya ngayon mapapabulaanan ang boses? Iniwan niya ang komportableng buhay sa Maynila para manirahan sa Lahug, Cebu. Wala siyang kapamilya sa lugar na ito. Wala siyang kakilala, wala rin siyang bahay.

Yup, she had gone mad.

Lumipat siya roon dahil iniisip niyang iyon ang perpektong solusyon sa mga problema niya. She knew she was taking the coward's way out by running away. Pero wala siyang pakialam. Kailangan niya iyon para mapanatiling intact ang sanity niya.

Nang i-offer sa kanya ang operations manager position three months ago para sa *Contact Center Solutions*, ang call center na pinagtatrabahuhan for the past four years, hindi niya iyon tinanggihan. The condition for the said promotion was a lateral transfer to the Queen City of the South.

Maganda ang offer. Malaki ang suweldo at may moving expenses pa. Binigyan din siya ng dalawang buwan na lease sa isang apartelle, which she told herself would give her ample time to look for her own apartment. It sounded like an easy plan... at that time.

Kunsabagay, ang tanging gusto lang niya noon ay makaalis sa Maynila, and this promotion was her easy ticket out.

Kung nanatili siya sa Eastwood branch, araw-araw niyang makikita si Larry at ang bruhang babaeng ipinalit nito sa kanya. Nagtatrabaho sila sa iisang building kahit pa para sa magkakaibang kompanya.

It was a wonder to her up until now, how they could all be in one place, and yet he still managed to replace her instantly and break her heart. Paano ba nangyari ang lahat ng iyon nang hindi niya napapansin?

Minsan, iniisip niyang may invisible 'use me and kick me' sign na naka-tattoo sa noo niya. Hindi iyon ang unang beses na nagka-heartbreak siya dahil sa isang third party. Ang unang beses ay nangyari noong nasa high school pa lamang siya. Ang pangalawa ay noong kolehiyo. Ang pangatlo ay sa una niyang trabaho. All these broken hearts happened because of another girl. At ang masagwa, sa lahat ng instances na iyon, kilala niya lahat ng mga babaeng ipinalit sa kanya.

She was beginning to think that her high school lost love

had set a precedent. Iyon tuloy ang naging pattern ng mga relationships niya.

Hindi siya pangit, and somehow they had treated her like that. Hinayaan ba niyang tratuhin siyang ganoon? Pakiramdam niya ay hindi.

Marahil hindi siya nakatakdang maging masaya sa piling ng isang lalaki. Pulos sakit sa puso ang dulot nila... lalo na si Larrazabal Enerio.

Larry may not have been her first broken heart, but he was by far the most painful. Kasi naman, binigyan na siya nito ng engagement ring, isang napakagandang princess cut diamond ring that she had gotten so used to wearing, at nagpaplano na silang magpakasal.

Wala pa silang takdang date at kung saang simbahan idaraos ang kasal dahil gusto muna nitong tapusin ang MBA studies. At wala siyang problema sa kanilang supposedly long engagement. But still! It was what they called same difference. Wala pa nga silang date at hindi pa napapadala ang mga imbitasyon, subalit ganoon pa rin kasakit ang dagok.

Ang bukod-tanging consuelo de bobo sa saga na iyon, he had had the guts to tell her in the face. Hindi gaya sa dalawang naunang naunsyaming relasyon kung saan nahuli niya ang mga ito sa akto.

"I am sorry, Monina," anito sa huling dinner nila pitong

buwan na ang nakaraan.

Akala niya noong una, sorry ito na na-late sa pagsundo sa kanya. And that he was sorry too for his aloof behavior in the car. Actually, he had been acting weird the past month.

Bubuksan pa lamang niya ang bibig para sabihing it was all right, nang makita niya kung gaano kaseryoso at kalungkot ang mga mata nito.

It was then she realized he was sorry for something far graver. How many times had she been at the receiving end of a news like this?

Sanay na dapat siya sa ganoon. Dapat kumapal na ang balat niya. Gayunpaman, nang mapagtanto niya kung ano ang mangyayari, nangasim pa rin ang sikmura niya. At bago pa man nito buksan ang bibig, alam na niya ang sasabihin nito.

Napakapit siya nang mahigpit sa gilid ng mesa nang marinig itong sabihin na, *"I don't know how else to break it to you, but I feel that we have outgrown each other."*

Gusto niyang magtitili. Gusto niyang sumigaw. Gusto niyang mag-iskandalo. But her control reigned supreme. For the past couple of months, she had felt the shift in their relationship. Dumalang ang mga tawag, pati ang mga halik. Nawala ang general sweetness. Hindi niya nga lamang gusto i-acknowledge iyon noon.

Denial.

"May iba ba?" Surprisingly, her voice sounded hollow and controlled to her own ears. Hindi niya inasahan ang pangyayaring ito. It blew up in her face. Her heart was broken and deep inside, she was dying.

Tumango ang binata.

That gesture was a dagger straight to her heart. Pinilit niyang maging matapang. Hindi niya nais na bigyan ito ng kasiyahan na makita siyang umiiyak.

"I promise, walang nangyari sa aming dalawa," paliwanag nito. "I wanted to make a clean break before I pursued her. Gusto kong magsimula sa tama. I wan—"

Iniangat niya ang isang kamay para patigilin ito. "I don't want to hear it, Larry," putol niya rito. Ayaw niyang marinig ang mga plano nito para sa ipapalit nito sa kanya. "Kung ano man ang namagitan sa inyo ng babae, o paano napalapit ang loob mo sa kanya para maisipang palitan ako, sa iyo na 'yon," dagdag niya. Pinilit niyang magpakatatag. She willed the tears not to fall. "Please give me that courtesy."

Nanahimik ito.

"Do I know her?"

"Si Chrissie."

The dagger plunged deeper. Si Christina ang fresh graduate na bago ring administrative assistant sa kanilang kompanya. She had

taken that girl under her wing. Itinuring niya itong isang kaibigan. Ipinakilala niya ito sa mga tao roon.

How did that happen? nagpaikut-ikot ang tanong na iyon sa ulo niya. But she dared not say it out loud. Why bother? Mas masasaktan lamang siya.

Ang tanging katanggap-tanggap na paliwanag ay nagkalapit ang dalawa tuwing dinaraanan siya ng lalaki sa trabaho. And it didn't help that her hours were from three in the afternoon to eleven at night. And Larry's was the normal working hours. Just like Chrissie's schedule.

Nagkikita lamang sila nang saglit pagkaalis nito ng trabaho. That was her breaktime. And at times, aaminin niyang hindi siya nakakapag-break dahil tambak ang kanyang trabaho bilang team leader. But still, that was no excuse to double-cross her.

Inalis ni Monina ang mahigpit na kapit sa mesa. She took one last look at the sparkly ring on her finger. There it was, three years of togetherness going down the drain.

Noong ibigay nito sa kanya ang singsing, akala niya ay siya na ang pinakamasuwerteng babae sa mundo. Now, the metal felt as if it was weighing her down and burning her skin. Kailangan na niya iyong hubarin. Sinimulan niya iyong tanggalin sa daliri.

"You can keep it, Nina."

Iniangat niya ang isang kilay. "What for? Tell me, what am

I going to do with this? Gawin kong pendant?" sarkastiko niyang hayag. She laughed bitterly and he flinched. "You're just saying that to make yourself feel better," dagdag niya. "I don't need your charity."

Wala siyang pakialam kung masaktan man ito. He had done far worse.

"No thanks, Larrazabal," patuloy niya. "I don't want it." She enunciated each word perfectly. Like you don't want me, dagdag niya sa isip.

Matapos itapon ang singsing sa direksyon nito, tumayo siya at lumabas ng restaurant. She hoped that what she had done was a graceful and dignified exit.

Nang makarating siya sa labas, doon nagsimulang manginig ang mga tuhod niya. Thankfully, there was an empty cab. Kaagad niya itong pinara. Pagsakay niya, doon nagsimulang tumulo ang luhang ikinimkim.

And they didn't stop for awhile. Palagi siyang tinatanong kung ano ang nangyari sa kanila ni Larry. Kinailangan pa niyang magpaliwanag sa kanyang mga magulang, at iyon ang pinakamahirap. It was hard to put up a brave front. She tried to be strong, but deep inside, she was dying.

Ilang buwan matapos ang breakup, she felt like a walking zombie. Hindi nga niya mawari kung paano niya nagampanan ang trabaho, considering na nagtatrabaho sila sa iisang building. She put a happy mask on. She *had* to, para hindi makita ng mga

kasamahan sa trabaho na heartbroken siya. Pride na lamang ang natitira sa kanya.

Sa bahay, doon siya nakakaiyak nang maluwag. Alam ng mga magulang niya kung gaano siya kalungkot. That her happy front was just a facade. Alam niyang nag-aalala ang mga ito sa kanya, subalit hindi niya mapigilan ang sarili na umiyak pa rin habang nasa silid siya.

So when the Cebu promotion to man the new branch at *Ayala IT Park* was offered her way, she felt as if it was like the miracle manna from heaven, and she grabbed it. Pagod na siyang magpanggap.

Ayaw siyang paalisin ng mga magulang; nag-iisa kasi siyang anak, pero ayaw niyang papigil. They weren't the ones who got their heart broken and their future crushed by a bastard of an ex-boyfriend.

Sa ngayon, halos pitong buwan na silang hiwalay. She had festered in silence for six months in Manila. Tuwing may magtatanong sa kanya kung ano ang nangyari sa kanila ni Larry, sinasabi na lang niyang mutual breakup ang nangyari.

In fairness to her ex-boyfriend, sinimulan lang nitong ligawan si Chrissie three months matapos silang mag-break. Pero kahit na ganoon, siyempre umarangkada pa rin ang dila ng mga tsismosa.

She endured all the pitiful stares of her co-workers and

ignored all the balk-talking. Nginitian lamang niya ang mga iyon, nagpanggap na okay lang siya.

Isang araw, nang makita niya ang dalawang bagong love birds na lovey-dovey sa coffee shop sa ground floor, nagdesisyon siyang dapat na siyang huminto sa pagiging martir. She wanted to get the hell out of that building.

Inisip niyang senyales na iyon para kunin niya ang MBA na matagal na niyang gustong gawin. But as she drafted her resignation papers, she got the call offering her the job in the new branch in Cebu.

Sino siya para tanggihan iyon? It was the perfect way out. Never mind that her life was in Manila and that she had none in Cebu. Isa iyong magandang pagkakataon para magsimula uli.

So she had a quick meeting with her bosses, signed her new papers without even consulting her parents, and the rest as they say was history.

Hindi lang niya na-factor sa larawan na mahihirapan siyang maghanap ng unit na marerentahan. Okay, aaminin niya, masyado siyang mapili. Gusto sana niyang malapit na condominium sa *IT Park* para walking distance sa trabaho. Nais din niya iyong hindi kalakihan ang rent. She needed to save all that she possibly could.

Aaminin niyang waldas siya sa suweldo noong nakatira siya sa mga magulang niya. Dahil nag-iisang anak, lumaki siya na naibibigay ang gusto. And it helped that she did not have to pay

for rent at all. Hindi siya masyadong nag-aalala sa kinabukasan.

Ngunit dahil sa breakup nila ni Larry, nabuksan ang mga mata niya. Naisip niyang dapat maghanda na siya para sa sarili niya. Dahil malinaw na hindi siya puwedeng umasa sa kahit na sino para alagaan siya. She was all on her own.

"At least, something good came out of that," aniya sa kalawakan. Mabuti na lamang may napulot siyang aral sa nangyaring iyon.

Hinayaan niyang maglakbay muli ang isip. The best bet to save more money was to get a roommate. Pero ayaw niya ng roommate ng babae, ayaw rin niya ng lalaki. Was it her fault that she was distrustful of both genders considering her past experiences?

Gusto niya sana iyong may pamilya na. Pero sino nga namang may pamilya ang tatanggap sa isang single girl para maging roommate?

Yup, she was being picky.

Hindi niya masyadong naplano ang mga galaw dahil madalian ang lahat, kaya tuloy wala siyang gaanong options. She only looked for rental ads on the internet and in the newspaper. Wala rin siyang kaibigan doon para mag-recommend.

Kapag wala siyang nakita hanggang Monday, magbabayad na siya ng ahente kahit pa sa tingin niya ay pagwawaldas lang

iyon ng pera. She needed to do things fast. Her free stay time on that apartelle was almost up. Kahit pipitsugin lamang iyon, it still cost five hundred plus pesos per day. Kayang bayaran iyon ng kanilang kompanya, pero siya ay hindi. She needed a place to move to as soon as possible.

Kailangan na siguro niyang ibaba nang kaunti ang standards niya... for a place to live, that is. Hindi ang standard para sa kaibigan. At lalo para sa mga lalaki—not that she was looking for one to fill her life. Masaya siya ngayon. She was her own best company.